**Kabataang Pilipino: Pag-asa o Problema ng Bayan?**

## III. ANG TATLONG KAAWAY NA SANHI NG MGA PRESSURES IN LIFE

Sinasabi ng Bibliya na si Satanas ay ang sinaunang ahas na nasa Hardin ng Eden. Pinasukan ni Satanas ang pinakatuso sa lahat ng hayop at ito ang kanyang ginamit na panunukso sa tao. Samakatuwid, si Satan ang may *influence* sa likod ng lahat ng ito. Gumagamit siya ng mga iba't ibang paraan, mga bagay at tao para maisakatuparan ang kanyang layunin upang mapalayo ang tao sa Diyos. Siya ang nasa likod ng pag-uudyok para makiliti ang mga makasalanang desires ng tao.

Ang ikatlong source ng pressure na siyang nasa likod rin ng unang dalawang pinagmumulan ng pressure na napagaralan na ay ang diablo, si Satanas.

**TIME OUT**

Bukod sa sarili at ang mundo sino pa ang ibang nagiging *source of pressure* ng tao?

__________________________________________________________

Kung si Satanas ay hindi natin nakikita, paano siya nakakapag-bigay ng pressure sa ating buhay?

__________________________________________________________

**PAG-ARALAN:**
Basahin ang mga kwento at sagutin ang mga tanong.




**Mateo 4:2-11**(Bible Gateway MBBTAG)

Si Jesus ay nag-ayuno sa loob ng apatnapung araw at apatnapung gabi kaya't siya'y nagutom. Dumating ang diyablo at sinabi sa kanya,

"*Kung ikaw ang Anak ng Diyos, gawin mo ngang tinapay ang mga batong ito."*

Ngunit sumagot si Jesus,

"*Nasusulat, hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang nagmumula sa bibig ng Diyos.*'"

Pagkatapos, dinala siya ng diyablo sa Jerusalem, ang banal na lungsod, at pinatayo sa taluktok ng Templo. Sinabi nito sa kanya,

"*Kung ikaw ang Anak ng Diyos, magpatihulog ka, sapagkat nasusulat,*
*'Sa kanyang mga anghel, ika'y itatagubilin, at sa kanilang mga kamay, ika'y aalalayan,*
*nang sa mga bato, paa mo'y hindi masaktan*.'"

Ngunit sumagot si Jesus, “Nasusulat din naman,

‘*Huwag mong susubukin ang Panginoon mong Diyos.’*”

Pagkatapos, dinala siya ng diyablo sa isang napakataas na bundok at ipinakita sa kanya ang lahat ng kaharian sa daigdig at ang karangyaan ng mga ito. Sinabi ng diyablo sa kanya,

“*Ibibigay ko sa iyo ang lahat ng ito kung magpapatirapa ka at sasamba sa akin*.”

Kaya't sumagot si Jesus,

“*Lumayas ka Satanas! Sapagkat nasusulat,*
*‘Ang Panginoon mong Diyos ang dapat mong sambahin.*
*At siya lamang ang dapat mong paglingkuran*.’”

Pagkatapos, iniwan na siya ng diyablo. Dumating naman ang mga anghel at siya'y pinaglingkuran nila.

1. Anong unang nais ni Satanas na gawin ni Jesus?

   ____________________________________________

2. Ano ang naging tugon ni Jesus?

   ____________________________________________

3. Ano ang pangalawang bagay na nais ni Satanas na gawin ni Jesus?

   ____________________________________________

4. Ano ang naging tugon ni Jesus?

   ____________________________________________

5. Ano ang pangatlong bagay na nais ni Satanas na gawin ni Jesus?

   ____________________________________________

6. Ano ang naging tugon ni Jesus?

   ____________________________________________

7. Tatlong pagkakataon sinubukan ni Satanas na impluwensyahan at hikayatin si Jesus na gawin ang kanyang nais ngunit tatlong beses siyang nasawi. Ano ang palaging ginagamit ni Jesus na panglaban kay Satanas?

   ____________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Maging si Jesus ay naging subject to pressure din nang Siya ay namuhay dito sa mundo. Hindi pinalampas ni Satanas na tuksuhin Siya at hikayatin na gawin ang kanyang naisin thinking na masisilaw at maeenganyo niya si Jesu-Cristo sa kanyang mga pananalita.

Sa panahon ngayon, hindi na kailangan pang magpakita sa iyo at kausapin ka ng harapan ni Satanas upang subuking tuksuhin. Gaya ng sinasabi ng Bibliya na si Satanas may influence sa likod ng lahat pagtukso at paghila sa iyo na gawin ang anumang taliwas sa pagsasakatuparan ng kalooban ng Diyos sa iyo. At gaya ng nabanggit, gumagamit siya ng mga iba't ibang paraan, mga bagay at tao para maisakatuparan ang kanyang layunin upang mapalayo ang tao sa Diyos. Siya ang nasa likod ng pag-uudyok para makiliti ang mga makasalanang desires ng tao.

Magbigay ng isang halimbawa kung paanong ang ibang tao ay maaaring gamitin ni Satanas upang ma-pressure ka na gawin ang isang bagay na hindi tama.

Bukod sa pag-gamit ni Satanas sa ibang mga tao o mga bagay upang ma-pressure ka na gumawa ng mali, ginagamit din niya ang iyong makasariling desires. Ayon sa Santiago 1:14: Natutukso ang tao kapag siya'y naaakit at napapatangay sa kanyang sariling pagnanasa.

Magbigay ng isang halimbawa kung paanong ang sarili mong pagnanasa ay maaaring gamitin ni Satanas upang ma-pressure ka na gawin ang isang bagay na hindi tama.

Sinasabi sa Bibliya na ang diablo ay parang umaatungal na leon na nagmamasid-masid at naghahanap kung sino ang kanyang masasakmal at malalapa (1 Peter 5:8). Siya rin ay mahusay na magpanggap na anghel ng liwanag. Kaya kailangan na ang kabataang tulad mo ay matuto na maging alerto, mapagwari at mapagpigil sa sarili upang hindi ka mahulog sa *pressures in life* na gawa ni Satanas.

Isa lamang ang pakay ng diablo para sa kabataang tulad mo – ang sirain ang iyong kinabukasan upang hindi mo maisakatuparan ang plano ng Diyos sa iyong buhay.

Kung ganito katinik at kalakas si Satanas, ano ang magagawa mo?

Dito naman papasok ang pagtitiwala sa salita ni Cristo na nagsabi sa Kanyang mga alagad na, Sa akin ay mayroon kayong kapayapaan. Sa mundo, ang naghihintay sa inyo ay problema. Subalit, huwag kayong mawalan ng loob! Nagapi Ko na ang mundo (John 16:33). At siyempre, kasama sa nagapi ni Cristo ang diablo.

Samakatuwid, na kay Cristo at ang pagtitiwala sa Kanyang mga pangako nakasalalay ang tagumpay mo laban sa pagnanasa ng iyong sariling laman na uhaw sa kasiyahan, laban sa takbo ng mundo at laban sa banta ng diablo.

Handa ka na bang paglabanan at pagtagumpayan ang mga patibong ni Satanas na kinakaharap o kakaharapin mo?

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Sa paanong paraan ginagamit ni Satanas ang alak, sigarilyo, sugal o pre-marital sex para mapigilan ang tulad mo na maisakatuparan ng Diyos ang plano Niya sa buhay mo?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutunan ko na | ang pangatlong pinagmumulan ng pressure ay: |

**Verse of the Day:**

Sapagkat hindi tayo nakikipaglaban sa mga tao, kundi sa mga pinuno, sa mga maykapangyarihan, sa mga tagapamahala ng kadilimang umiiral sa sanlibutang ito, sa mga hukbong espirituwal ng kasamaan sa himpapawid.

**Efeso 6:12**